# Tungkol sa pagtatasa ng iyong pagmamaneho

## Nandito kami para tumulong

Nauunawaan namin na ang pagkuha ng lisensya sa pagmamaneho ay mahalagang hakbang para sa karamihan ng mga taong naninirahan sa Tasmania at gusto naming tiyakin na mapagbubuti ng lahat ng mga driver ang kanilang mga kasanayan upang tulungan silang maging mas ligtas na driver. Idinisenyo ang leaflet na ito upang tulungan kang maghanda para sa iyong pagtatasa.

## Paghahanda para sa iyong pagtatasa

Bago ang araw ng iyong pagtatasa, tiyaking nasaliksik mo kung ano ang inaaasahan sa iyo sa araw na iyon. Sanayin ang mga bagay na ipapagawa sa iyo at repasuhin ang iyong Road Rules (Mga Patakaran sa Daan)! Narito ang ilang link sa mga site na maaaring makatulong sa iyo:

Learn to drive videos

Tasmanian Road Rules

Assessment criteria

Plates Plus

New to Tasmania (Road Safety )

Tiyaking alam mo kung saan pupunta para sa iyong pagtatasa at dumating **nang 15 minuto** bago ang oras ng iyong pagtatasa. Dalhin ang iyong kasalukuyang lisensya at lahat ng iba pang maaaring kailanganin mo. Maaaring kailanganin mo ang isang logbook, pagsasalin ng lisensya, mga L plate, isang superbisor. Kung hindi ka sigurado kung ano ang kailangan mong dalhin, itanong lamang sa amin.

## Pagsusuri ng sasakyan

Tiyaking nasuri mo ang pagiging angkop at pagiging karapat-dapat sa daan (roadworthiness) ng iyong sasakyan (gamitin ang checklist ng sasakyan na nakalakip sa iyong booking confirmation) - suriin ang lahat **bago** ang araw ng pagtatasa at pagkatapos ay suriing muli **sa araw ng pagtatasa**.

Road User Services
Department of State Growth

Tasmanian Government

Pagdating mo, susuriin ng tagapagtasa ang sasakyan kasama ka. Hihilingin sa iyo na umupo sa sasakyan at patakbuhin ang mga sumusunod na kontrol:

- I-on ang ignition/i-start ang sasakyan.
- Paandarin ang mga brake light (nakadiin ang paa at nakaangat ang paa sa brake pedal).
- Paandarin ang mga indicator sa kaliwa at kanan.
- Ilagay ang sasakyan sa reverse gear (pero huwag umatras).

Vehicle check video link

Mangyaring magsanay sa pagsusuri ng sasakyan na ito kasama ang iyong superbisor o taong sumusuporta bago ang araw ng pagtatasa upang matiyak na ikaw ay pamilyar sa prosesong ito (at upang masuri kung ligtas ang iyong sasakyan).

## Paalala bago ang pagtatasa at mga direksyon

Kapag ikaw at ang tagapagtasa ay kapwa nasa sasakyan na at handa nang simulan ang pagtatasa, ang tagapagtasa ay magkakabit ng camera sa sasakyan at magsasalita nang kaunti sa camera. Ito ay pormalidad lamang para sa layunin ng video. Ang tagapagtasa pagkatapos ay makikipag-usap sa iyo kung paano isasagawa ang pagtatasa, kung gaano ito katagal, at kung paano ka niya bibigyan ng mga direksyon habang nasa pagtatasa. Ang sasabihin niya ay parang ganito…

*" Upang masuri bilang kasiya-siya, dapat mong ipakita sa akin na ikaw ay nagmamaneho ayon sa pamantayang itinakda ng State Growth.*
*Ang bahagi ng pagtatasa na nasa daan (on-road portion) ay tatagal nang 30 minuto.*
*Sa oras ng pagtatasa, bibigyan kita ng mga direksyon kung kailan liliko o hihinto. Sa lahat ng oras, sundin ang mga tagubilin sa kalsada (road signs) at/o mga marka sa kalsada (road markings).*
*Hindi ko hihilingin sa iyo na gumawa ng anumang bagay na labag sa batas o hindi ligtas.*
*Sa dalawang punto sa pagtatasa, hihilingin ko sa iyo na magsagawa ng pagsasanay sa pagmamaneho.*
*Bago mo gawin ang pagsasanay, hihinto tayo sa gilid ng kalsada at ipapaliwanag ko nang detalyado kung ano ang gusto kong gawin mo.*
*Kung sa anumang yugto ay hindi ko naipaliwanag nang mabuti ang mga bagay, mangyaring ipaalam sa akin at ipapaliwanag ko itong muli.*
*Magre-record ako ng impormasyon tungkol sa iyong pagmamaneho sa pagtatapos ng bawat bahagi. Kadalasan ay pupunan ko ang assessment sheet kapag huminto tayo.*
*Kapag nakabalik tayo, bibigyan kita ng ilang feedback tungkol sa iyong pagmamaneho at ipapaalam sa iyo ang iyong resulta."*

Kung Ingles ang iyong pangalawang wika, maaaring paikliin o pasimplehin ng tagapagtasa ang mga tagubilin sa itaas upang mas madali mong maunawaan. Mangyaring magtanong sa yugtong ito kung mayroong anumang bagay na hindi mo naiintindihan.

# Ano ang bumubuo sa pagtatasa?

Ang pagtatasa sa daan (on-road assessment) ay isinasagawa sa anim na seksyon.Titingnan ng tagapagtasa ang iyong pagmamaneho at paggawa ng desisyon at mamarkahan ka batay sa **mga pamantayan sa pagtatasa (assessment criteria)**

Apat sa mga seksyon ay binubuo ng normal na pagmamaneho mula sa punto A hanggang sa punto B kung saan bibigyan ka ng tagapagtasa ng mga direksyon. Sa isa sa apat na seksyong ito, magsasagawa ka rin ng merge o lane change sa daan na may minimum speed limit na 80km/h. Ang dalawa pang mga seksyon ay mga pagsasanay. Ipinapaliwanag ang mga ito sa ibaba:

## May naiwan ka (Pagsasanay 1)

Dito kailangan mong ipakita ang iyong kakayahang pabalikin ang sasakyan sa ligtas at ligal na paraan. Kailangan mong bumalik nang dalawang beses at tandaan kung saan ka naka-park, dahil babalik ka sa lugar na ito.

***Ang sitwasyon ay**… Magmamaneho ka mula rito, at ilang sandali habang nasa daan ay napagtanto mong "may naiwan" ka sa bahay na iyon, kaya kailangan mong bumalik para kunin ito.*

***Kapag nagsimula na ang pagsasanay**… Magmamaneho ka at magpapatuloy sa kahabaan ng kalsada gaya ng karaniwan. Sa isang punto, sasabihin ko "May naiwan ka - kailangan mong bumalik". Pagkatapos ay kinakailangan mong hanapin ang unang ligtas at ligal na lugar para paikutin pabalik ang iyong sasakyan (nang hindi nagmamaneho sa palibot ng block), magmaneho pabalik sa address na ito, umikot sa pangalawang pagkakataon, pagkatapos ay pumaradang muli dito sa dating posisyon.*

LSB video

## Bisitahin ang isang kaibigan – reverse parallel park (exercise 2)

Dito gagawa ka ng isa pang turnaround na sinusundan ng **reverse parallel park (RPP)**. Minsan maaari mong gawin ang reverse park muna at pagkatapos ay ang turnaround depende sa sitwasyon. Lilinawin ito ng tagapagtasa.

***Ang sitwasyon ay**… Nagmamaneho ka sa kalsada at nakita mo ang kotse ng isang kaibigan na nakaparada sa tapat ng kalsada. Nagpasya kang bisitahin siya. Ituturo ng tagapagtasa ang target na sasakyan na kailangan mong gawan ng pag-reverse park sa likod. Kailangan mong tandaan ang kotse na ito.*

RPP Video

***Kapag nagsimula na ang pagsasanay**… Magmamaneho ka at lalampasan ang target na kotse, kapag nalampasan mo na ang kotse kailangan mong umikot pabalik (turn around) sa unang ligtas at ligal na lugar (walang sasabihin ang tagapagtasa – kailangan mong magpasya kung kailan ka liliko). Kapag naabot mo ang target na kotse kailangan mong huminto sa tabi nito at mag-reverse park sa espasyo sa likod.*

# Ang feedback at ang iyong resulta

Sa pagtatapos ng pagtatasa (assessment), bibigyan ka ng tagapagtasa ng feedback tungkol sa iyong pagmamaneho, na magpapaliwanag sa mga bagay na nagawa mong mabuti at sa mga bagay na kailangan mong pagbutihin. Maaari siyang gumamit ng mga dayagram at bigyan ka ng isang feedback form na madadala mo, kasama ng kopya ng iyong papel ng pagtatasa (assessment sheet).

Ipapaalam sa iyo ng tagapagtasa kung nagtagumpay ka o hindi. Mangyaring tandaan na kung ang iyong resulta ay hindi gaya ng iyong inaasahan, ang tagapagtasa ay nariyan upang tulungan kang maunawaan ang mga bagay na kailangan mong pagtuunan ng pansin – nais naming magtagumpay ka!

## Makipag-ugnayan sa amin

Kung mayroon kang anumang karagdagang tanong tungkol sa iyong pagtatasa, mangyaring mag-email sa amin sa driver.assessment@stategrowth.tas.gov.au o tumawag sa amin sa 6166 3171

Road User Services
(Driver Assessment Client Support Program)

Department of State Growth
GPO BOX 536, Hobart
Tasmania, Australia 7001